6807

KAUTUSAN BLG. ..........

**KAUTUSANG KIKILALANING "HOSPITAL NG MAYNILA" ANG NGAYON AY NAKIKILALANG "ARSENIO H. LACSON MEMORIAL HOSPITAL."**

SAPAGKA'T, ang Kautusan Blg. 4636, pinagtibay noong Setyembre 25, 1962, ay nagbigay ng pangalang "Arsenio H. Lacson Memorial Hospital" sa pagamutan ng Maynila, bilang paggunita sa alaala ng isang pinunong humawak sa pamahalaan ng Maynila sa loob ng labing isang taon;

SAPAGKA'T, sa halip na pasalamatan ang ginawang ito, mayroong ilang bahagi sa Maynila na pumupuna sa nasabing pag-aalaala sa nasabing Alkalde ng Maynila;

SAPAGKA'T, ang totoo bagama't ang pagamutan ay inisip noong panahon ng yumaong Arsenio H. Lacson, ang lahat ng mga plano at mga bagay-bagay na napapaloob sa totohanang pagpapatayo ng pagamutang ito ay bunga ng pagpapagod ng kasalukuyang Gatpuno ng Maynila;

SAPAGKA'T, ang naulilang maybahay ng yumaong Alkalde Arsenio H. Lacson na si Gng. Inez S. Lacson, sa isang pahatid liham, ay hiniling na alisin ang pangalang "Arsenio H. Lacson" sa pagamutang ito; at

SAPAGKA'T, masakit man sa kalooban ng mga kasalukuyang namumuno ng pamahalaan, ang mga ito'y walang magagawa kundi pagbigyan ang hiling ng naulilang maybahay ni Alkalde Arsenio H. Lacson: Dahil dito ay

Ipinag-uutos ng Batasang Bayan ng Lungsod ng Maynila, na:

ALITUNTUNIN BLG. 1. Ang "Arsenio H. Lacson Memorial Hospital" sa Liwasang Harrison ay kikilalaning "Ospital Ng Maynila."

ALITUNTUNIN BLG. 2. Ang kautusang ito ay magkakabisa sa araw ng pagpapatibay.

Pinagtibay ng Batasang Bayan ng Lungsod ng Maynila ngayong Nobyembre 29, 1968.

Pinagtibay ni Gatpuno Antonio J. Villegas ngayong ika-5 ng [illegible] 1968.

PINAGTIBAY:

ANTONIO J. VILLEGAS
Gatpuno ng Lungsod ng Maynila

F. [illegible]
Pangalawang Gatpuno ng Lungsod
at Tagapanguło, Batasang Bayan

PINATUNAYAN:

SERAFIN P. RANAIC
Kalihim ng Gatpuno

[illegible]
Kalihim, Batasang Bayan

123

GPR/ab